



在職家庭及學生資助事務處  
Working Family and Student  
Financial Assistance Agency

# Alawans ng Nagtrabahong Pamilya

Abril  
2018 na  
bersyon



Pagpapasigla ng tiwala sa sariling kakayahan at  
pagpapagaan ng kahirapan sa pagitan ng mga salinlahi

**24-oras na hotline**

**2558 3000**

**O bisitahin ang website**

**wfa.gov.hk**

**Ahensya ng Pinansyal na Tulong sa  
Nagtrabahong Pamilya at Estudyante**

**9/F, 181 Hoi Bun Road, Kwun Tong, Kowloon**


Simula I Abril 2018, ang Iskema  
ng Alawans ng Nagtrabahong  
Pamilya ay tumatanggap ng mga  
aplikasyon mula sa mga pamilyang  
walang asawa. Ang mga oras ng  
pagtrabaho ng mga miyembro  
ay maaaring maipon. Isa pang  
antas ng limit ng kita ay  
idinagdag at ang lahat  
ng mga uri ng  
alawans ay itinaas.

## Mga Pinakamahalagang Katangian



Ang aplikasyon para sa Iskema ng Alawans ng Nagratrabahong Pamilya (WFA) ay nakabatay sa sambahayan (kabilang ang mga sambahayan ng walang asawa). Sa ilalim ng Iskema ng WFA, ang isang sambahayan na nakakatugon sa mga kinakailangang oras sa pagtrabaho, mga limitasyon sa kita at ari-arian ay maaaring mag-aplay para sa isang Batayang Alawans, Katamtaman na Alawans o Mas Mataas na Alawans. Ang bawat karapat-dapat na bata ay maaari ring maging kwalipikado para sa isang Alawans ng Bata. Depende sa kita ng sambahayan, ang mga alawans ay maaaring ibigay sa ganap na presyo,  $\frac{3}{4}$  na presyo o kalahating presyo.

Ang panahon ng paghahabol ng isang aplikasyon ay sumasaklaw sa **nakaraang anim na buwan ng kalendaryo**. Ang alawans ay kinakalkula sa isang buwanang batayan - ang aplikante ay binibigyan ng alawans para sa bawat buwan kung saan ang pamantayan ng pagiging karapat-dapat ay natutugunan.



Maaaring iulat ng aplikante ang mga oras ng pagtrabaho ng higit sa isang trabaho sa isang aplikasyon. Pinapayagan din ng Iskema ang lahat ng miyembro ng sambahayan na pagsama-samahin ang kanilang mga oras ng pagtrabaho.

Ang sambahayan na hindi nag-iisang magulang na may pinagsama-samang buwanang oras ng pagtrabaho na hindi bababa sa **144 na oras** ay maaaring mag-aplay para sa Batayang Alawans; kung ang pinagsama-samang buwanang oras ng pagtrabaho ay hindi bababa sa **168 na oras**, ang sambahayan ay maaaring mag-apply para sa Katamtamang Alawans; at kung ang pinagsama-samang buwanang pagtrabaho ay **192 na oras o higit pa**, ang sambahayan ay maaaring mag-aplay para sa Mas Mataas na Alawans.





Ang sambahayan ng nag-iisang magulang na may pinagsama-samang buwanang oras ng pagtrabaho na hindi bababa sa **36 na oras** ay maaaring mag-aplay para sa Batayang Alawans; kung ang pinagsama-samang buwanang oras ng pagtrabaho ay hindi bababa sa **54 na oras**, ang sambahayan ay maaaring mag-apply para sa Katamtamang Alawans; at kung ang pinagsama-samang buwanang pagtrabaho ay **72 na oras o higit pa**, ang sambahayan ay maaaring mag-aplay para sa Mas Mataas na Alawans. Para sa mga aplikasyon ng sambahayan ng nag-iisang magulang, ang isang aplikante na nagtrabaho, nag-iisang magulang ay kailangang manirahan sa kahit isang bata na may edad na 15 taong gulang.

Ang bawat karapat-dapat na bata sa mga sambahayan ng nag-iisang magulang at sambahayan na hindi nag-iisang magulang ay maaaring makatanggap ng Alawans ng Bata sa ilalim ng WFA. Ang mga karapat-dapat na bata ay dapat nasa edad na 15 taong gulang, o may edad na 15 hanggang 21 na tumatanggap ng full-time na edukasyon (ngunit hindi edukasyon pagkatapos ng sekundarya).



Kabuuang Buwanang Oras ng Paggawa (Mga Oras)	Buwanang Alawans Para sa Bawat Sambahayan	Buwanang Alawans ng Bata para sa Bawat Bata
144 hanggang sa mas mababa sa 168 (sambahayan na hindi nag-iisang magulang) 36 hanggang mas mababa sa 54 (sambahayan ng nag-iisang magulang)	Ganap na Presyo ng Batayang Alawans: \$800 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Batayang Alawans: \$600 Kalahating Presyo ng Batayang Alawans: \$400	Ganap na Presyo ng Alawans ng Bata: \$1,000 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Alawans ng Bata: \$750 Kalahating Presyo ng Alawans ng Bata: \$500
168 hanggang sa mas mababa sa 192 (sambahayan na hindi nag-iisang magulang) 54 hanggang mas mababa sa 72 (sambahayan ng nag-iisang magulang)	Ganap na Presyo ng Katamtamang Alawans: \$1,000 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Katamtamang Alawans: \$750 Kalahating Presyo ng Katamtamang Alawans: \$500	Ganap na Presyo ng Alawans ng Bata: \$1,000 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Alawans ng Bata: \$750 Kalahating Presyo ng Alawans ng Bata: \$500
192 o mas mataas (sambahayan na hindi nag-iisang magulang) 72 o mas mataas (sambahayan ng nag-iisang magulang)	Ganap na Presyo ng Mas Mataas na Alawans: \$1,200 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Mas Mataas na Alawans: \$900 Kalahating Presyo ng Mas Mataas na Alawans: \$600	Ganap na Presyo ng Alawans ng Bata: \$1,000 $\frac{3}{4}$ na Presyo ng Alawans ng Bata: \$750 Kalahating Presyo ng Alawans ng Bata: \$500



Ang isang aplikante ay maaaring gumamit ng **WFA calculator** sa [wfa.gov.hk](http://wfa.gov.hk) para sa preliminaryong pagtatasa ng pagiging karapat-dapat sa WFA at ang halaga ng alawans.

## Mga Limit ng Kita at Ari-arian na Naaangkop sa mga Buwan ng Paghahabol mula Abril 2018 hanggang Marso 2019<sup>1 & 2</sup>:

Bilang ng Miyembro ng Sambahayan	Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa Ganap na Presyo na Alawans <sup>3</sup>	Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa 3/4 na Presyo na Alawans <sup>4</sup>	Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa Kalahating Presyo na Alawans <sup>5</sup>	Mga Limit ng Ari-arian ng Sambahayan para sa iba pang mga Alawans
1 katao	\$9,000	\$10,800	\$12,600	\$249,000
2 katao	\$13,700	\$16,400	\$19,200	\$338,000
3 katao	\$16,100	\$19,300	\$22,500	\$440,000
4 katao	\$20,100	\$24,100	\$28,100	\$514,000
5 katao	\$21,100	\$25,300	\$29,500	\$571,000
6 katao	\$23,100	\$27,800	\$32,400	\$618,000

Ang mga impormasyon sa mga limitasyon sa kita at ari-arian para sa mga sambahayan na mayroong higit sa 6 na tao ay makukuha sa [wfa.gov.hk](http://wfa.gov.hk).

Mga Tala:<sup>1</sup> Upang maiwasan ang pagdududa, ang mga limitasyon ng kita at ari-arian na nasa talahanayan sa itaas ay nalalapat din sa mga aplikasyon ng WFA na isinumite noong Abril 2018 (na sumasakop sa mga buwan ng paghahabol mula Oktubre 2017 hanggang Marso 2018) at naaangkop din sa mga aplikasyon ng WFA na isinumite pagkatapos ng Abril 2018 (na may kaugnayan sa mga buwan ng paghahabol bago ang Abril 2018).

Ang mga aplikasyon na isinumite bago ang Abril 2018 ay naproseso ayon sa mga limitasyon ng kita at ari-arian na naaangkop sa mga buwan ng paghahabol mula Abril 2017 hanggang Marso 2018. Ang mga kaugnay na limitasyon ay makukuha sa [wfa.gov.hk](http://wfa.gov.hk)

<sup>2</sup> Ang mga limitasyon sa kita at ari-arian ay inaakma sa ika-1 Abril bawat taon.

<sup>3</sup> Ang mga Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa Ganap na Presyo na Alawans ay nakatakda sa 50% ng Panggitnang Buwanang Pantahanang Kita ng Sambahayan ng isang aktibo sa pangkabuhayan na sambahayan.

<sup>4</sup> Ang mga Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa 3/4 na Presyo na Alawans ay nakatakda sa antas na lalampas sa 50% pero hindi mas mataas sa 60% ng Panggitnang Buwanang Pantahanang Kita ng Sambahayan ng isang aktibo sa pangkabuhayan na sambahayan.

<sup>5</sup> Ang mga Mga Itaas na Limit ng Buwanang Kita ng Pamilya para sa Kalahating Presyo na Alawans ay nakatakda sa antas na lalampas sa 60% pero hindi mas mataas sa 70% ng Panggitnang Buwanang Pantahanang Kita ng Sambahayan ng isang aktibo sa pangkabuhayan na sambahayan.

## Mga Punto na Dapat Tandaan para sa mga Aplikante



### Kasama sa mga oras ng Pagtrabaho:

- ang mga oras ng binayang trabaho na isinagawa ng aplikante at iba pang nagtrabahong miyembro ng sambahayan na ang oras ng pagtrabaho ay idadagdag sa aplikasyon ng WFA (empleado o sariling-kayod)
- ang mga oras na nakuha sa mga bayad na bakasyon at pagliban tulad ng sick leave at maternity leave



### Kasama sa Kita ng Sambahayan

- mga sahod (hindi kasama ang inuutos na ambag ng mga empleyado sa mga Iskema ng Pondong Laan na Ipinag-uutos), mga kabayaran na tinanggap para sa mga serbisyong ginampanan, mga tubo mula sa negosyo, kita sa upa, atbp.
- ang sumusunod na tulong na inilaan ng Pamahalaan
  - ✓ mga alawans na tinanggap ng mga miyembro ng sambahayan mula sa batay sa indibidwal na Subsidyo sa Transportasyon na Insentibo sa Trabaho (WITS)
  - ✓ mga alawans na tinanggap sa ilalim ng Sinusubukang Iskema ng Alawans ng Pangkabuhayan para sa mga Tagapangalaga ng mga Matatanda mula sa Pamilyang Mababa ang Kita
  - ✓ mga alawans na tinanggap sa ilalim ng Sinusubukang Iskema ng Alawans ng Pangkabuhayan para sa mga Tagapangalaga ng mga taong may Kapansanan

*[Mga Tala: Mula Abril 1, 2018, ang Pangkabuhayang Alawans ng Nakatatanda ay hindi isinasaalang-alang sa ilalim ng pagsusuri ng kita.*



### Kabilang sa mga ari-arian ng sambahayan ang:

- upa, mga ari-ariang lupa (hindi kasama ang mga ari-ariang pansariling inuukupahan), mga sasakyang panlupa/pandagat, mga lisensya ng taxi/ pambuklikong magaan bus, mga pamuhunan, mga sapi/gawain sa negosyo, mga deposito sa banko/kuwarta atbp.

## Ibang mga Usapin:

- Ang mga sumusunod ay hindi maaaring matanggap ng kasabay ng WFA sa parehong buwan:
  - ✘ Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA)
  - ✘ Batay sa Indibidwal na WITS (naaangkop sa aplikante ng WFA at iba pang mga miyembro ng sambahayan na ang mga oras ng pagtrabaho ay pinagsama-sama upang mag-aplay para sa WFA)

*IMga Tala:* 1. Ang mga miyembro ng sambahayan na ang mga oras ng pagtrabaho na hindi sinama sa pag-aplay para sa WFA ay maaaring mag-aplay para sa mga batay sa indibidwal na WITS.

2. Ang WITS na nakabatay sa sambahayan ay aalisin sa ika-1 ng Abril 2018. Kung ang isang sambahayan na nag-aaplay para sa WFA ay nakatanggap ng WITS na nakabatay sa sambahayan para sa mga indibidwal na buwan ng paghahabol bago ang Abril 2018, ang sambahayan ay hindi maaaring tumanggap ng WFA para sa mga kaugnay na buwan.

- Ang bawat miyembro ng isang karapat-dapat na sambahayan ay kailangang naninirahan sa Hong Kong. Ang isang sambahayan sa pangkalahatan ay tumutukoy sa isang yunit na may mga taong may malapit na relasyon sa pangkabuhayan at naninirahan sa parehong lugar.

## Pagkakasunud-sunod ng Aplikasyon

- Ang panahon ng paghahabol ay ang nakaraang anim na buwan ng kalendaryo. Ang isang kwalipikadong sambahayan ay kailangang magsumite ng isang aplikasyon kada anim na buwan ng kalendaryo na bilang ng panahon ng paghahabol, at ang mga panahon ng paghahabol ay hindi dapat nagkakapatong sa isa't isa.

## Pamamaraan ng Aplikasyon

### Lugar ng Pamamahagi ng mga Dokumentong Aplikasyon

Ang mga dokumentong aplikasyon ay makukuha sa [wfa.gov.hk](http://wfa.gov.hk) o sa mga sumusunod na lokasyon:

- Tanggapan ng Alawans ng Nagtratrabahong Pamilya (WFAO) ng Ahensya ng Pinansyal na Tulong ng Nagtratrabahong Pamilya at Estudyante (WFSFAA)
- Tanggapan ng Pinansya ng Estudyante ng WFSFAA
- Dibisyon ng Subsidyo sa Transportasyon na Insentibo sa Trabaho (WITS), Mga Sentrong Pantrabaho, at Nakabatay sa Industriya na mga Sentro ng Pangangalap ng Trabaho ng Kagawaran ng Paggawa
- Mga Pandistritong Tanggapan ng Kapakanang Panlipunan, mga Field Unit ng Kapakanang Panlipunan at Mga Sentro ng Pinagsamang Serbisyong Pampamilya ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan
- Sentro ng mga Pagtatanong ukol sa Home Affairs ng Kagawaran ng Home Affairs

### Pagsumite ng mga Aplikasyon

Ang isang aplikante ay maaaring magsumite ng isang napunang aplikasyon kasama ang dokumentaryong patunay ng mga oras ng pagtratrabaho, kita ng sambahayan at mga ari-arian, atbp. sa isang espesyal na idinisenyong sobre:



**Sa pamamagitan ng koreo sa:** PO Box No. 62600 Kwun Tong Post Office [Tanggapan ng Allowance ng Nagtratrabahong Pamilya ng Ahensiya ng Pinansyal na Tulong ng Nagtratrabahong Pamilya at Estudyante (WFSFAA)]



**Sa pamamagitan ng mga Kahon ng Paghuhulugan sa sumusunod na mga lokasyon:**

- WFAO ng WFSFAA
- Tanggapan ng Pinansya ng Estudyante ng WFSFAA
- Dibisyon ng Kagawaran ng Paggawa ng WITS
- Mga Tanggapan ng Kapakanang Panlipunan

### Pag-aabiso ng Aplikasyon

Sa pagtanggap ng mga aplikasyon, ang WFAO ay magpapadala ng **resibo ng pagtanggap** sa mga aplikante sa pamamagitan ng SMS o koreo.

Ang mga aplikante ay bibigyan ng pabatid sa **mga resulta ng aplikasyon** matapos itong maproseso.

## Mga Halimbawa ng Dokumentaryong Pruweba

### Mga Oras ng Pagtatrabaho:

- Mga tala ng pagdalo
- Mga kontrata ng empleyo
- Mga sertipiko ng mga oras ng pagtatrabaho ng taga-empleyo

### Kita ng Pamilya:

- Mga slip ng suweldo
- Mga resibo ng sahod
- Mga kontrata ng empleyo
- Mga pahayag mula sa bangko o libreta
- Mga sertipiko ng kita ng taga-empleyo

### Mga ari-arian ng pamilya:

- Mga pahayag mula sa bangko o libreta
- Mga pahayag ng pamumuhunan
- Mga dokumento sa pagpapatala ng sasakyang panlupa
- Mga dokumento ng pagpapatala ng sasakyang pandagat

